REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 95-221

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY AT NIRARATIPIKA ANG KASUNDUAN SA PAG-UTANG (LOAN AGREEMENT) AT ANG KASULATAN SA PAGTATALAGA (DEED OF ASSIGNMENT) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA AT ANG PHILIPPINE NATIONAL BANK (PNB) KASAMA ANG LAHAT NG MGA PAMAMARAAN (TERMS) AT KONDISYONES (CONDITIONS) NA NAKAPALOOB DITO.

*************************************************************

Ipinanukala ni: Kgg. Roger C. Smith

*************************************************************

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagtibay ang panukalang Kapasiyahan Bilang 94-187 na nagsasaad ng pagbibigay ng karapatan at kapangyarihan sa Punongbayan Ignacio R. Bunye na pumasok sa isang kasunduan sa Philippine National Bank para sa aplikasyon sa pag-utang (application for loan) ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa nasabing bangko sa halagang Isang Daan at Dalawampung Milyong Piso (P120,000,000.00);

SAPAGKAT, ang nabanggit na loan agreement at ang deed of assignment, ay iniharap at isinumite sa Sangguniang Bayan para sa pagsusuri, pag-aaral, ratipikasyon at pagpapatibay nito;

SAPAGKAT, napatunayan na ang mga pamamaraan at kondisyones na nakapaloob sa nabanggit na kasunduan ay nasa matuwid, makatuwiran, legal at nasa ayos;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na pagtibayin at ratipikahin ang kasunduan sa pag-utang (loan agreement) at ang kasulatan sa pagtatalaga (deed of assignment) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa at ang Philippine National Bank kasama ang lahat ng mga "terms and conditions" na nakapaloob dito.

PINAGPASIYAHAN PA RIN, na ang sipi ng Kapasiyahang ito ay mapagkalooban ang Tanggapan ng Punongbayan, Tanggapan ng Ingat-Yaman, Philippine National Bank, Tanggapan ng Auditor at ang kaukulang Development Council.

PINAGTIBAY ng mga Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-124th regular na pulong na ginanap ngayong ika-20 ng Marso, 1995.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

(Liban)
KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

(Liban)
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

(Liban)
KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

(Hindi Sang-ayon)
KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan